The City of SAN DIEGO

# Mga Hakbang sa Pagre-recycle ng Organikong Basura



**1)** Ilagay ang natabas sa hardin tulad ng mga dahon, mga damo, hindi ginagamit na kahoy sa berdeng basurahan. Huwag sobrang punuin at siguraduhin na ang takip ay laging nakasara.



**2)** Ilagay ang balde sa maluwag na lugar: sa ibabaw ng counter, sa ilalim ng lababo, sa freezer o sa repridyeretor upang magkolekta ang tirang mga pagkain at mga produktong papel na narumihan ng pagkain.



**3)** Ilagay ang mga laman ng balde sa iyong berdeng basurahan sa labas kasama ang natabas sa hardin kahit na isang beses lingu-linggo. Ang balde ay dapat ibalik sa kusina, patuyuin, at gagamitin muli.



**4)** Bawat linggo ilagay ang iyong berdeng basurahan sa iyong lugar ng normal na pagkolekta sa bandang alas 6 a.m. sa parehong araw ng iyong regular iskedyul, at lingguhang pagkolekta ng basura.

***MANGYARING TANDAAN: Ang berdeng mga basurahan lamang na ibinigay ng Lungsod ang dapat gamitin para sa pagkolekta ng nare-recycle na organikong basura.***

## ✓ OO, ILAGAY ANG MGA ITO SA LOOB

- ✓ Mga Prutas at Mga Gulay
- ✓ Tinapay, Mga Pastelerya, Tortilyas, Kanin at Mga Sitaw
- ✓ Mga Itlog at Mga Produktong Gatas
- ✓ Tira-tirang Pagkain
- ✓ Mga Giniling na Kape at Mga Filter na Papel
- ✓ Mga Tuwalyang Papel at Mga Napkin
- ✓ Mga Bag na Papel na Narumihan ng Pagkain
- ✓ Mga Dahon, Damo, Pagtabas sa Hardin at Hindi Ginagamot na Kahoy



## ✗ HINDI, IWANAN ANG MGA ITO

- ✗ Salamin at Mga Metal
- ✗ Plastik na Mga Bag at Plastik na Mga Sisidlan
- ✗ Anumang “Naaabono” o “Nabubulok” na Plastik na Mga Produkto, Mga Pinggan, Mga Sisidlan at Mga Kagamitan
- ✗ Mga Taba, Mga Langis at Mga Grasa
- ✗ Putik at Mga Bato



## Nakakatulong na Mga Tip

### PANATILIHIN ANG INYONG BASURAHAN NA TUYO HANGGA'T MAAARI

- Linyahan ang pinakailalim ng berdeng basurahan ng mga napkin, dyaryo o mga pinutol na halaman upang sipsipin ang sobrang halumigmig.
- Padaluyin ang sobrang mga likido mula sa tirang mga pagkain bago ilagay ang mga ito sa berdeng basurahan.
- Balutin ang mga natitirang pagkain sa dyaryo, papel na lalagyan, o papel na nailagyan ng pagkain.

### BAWASAN ANG POTENSYAL NA MGA AMOY

- I-antala ang pagdagdag ng mga produktong gatas sa berdeng basurahan hanggang sa araw ng pagkolekta, ilagay sa freezer o sa repridyeretor hanggang sa araw ng pagkolekta.
- Regular na hugasan ang berdeng basurahan gamit ang sabon at tubig.
- Wisikan ng baking soda ang basurahan.

**Higit pang nakakatulong na mga tip ang matatagpuan sa sandiego.gov/cleanbintips.**

## Piliin ang Tamang Basurahan para sa Mga Kinakailangan ng Iyong Sambahayan

**Mangyaring hayaan ang isang araw ng trabaho matapos naihatid ang iyong bagong berdeng basurahan bago humiling ng pampalit para sa ibang laki ng basurahan o isang karagdagang basurahan.**
Ang lahat ng mga hiling na basurahan ay maaaring gagawin sa app na Get It Done sa **sandiego.gov/get-it-done** o sa pamamagitan ng pagtawag sa 858-694-7000.

**Mga pagpipilian na laki sa pagpapalit ng berdeng basurahan na inihatid sa iyong tahanan:** Para sa magkaibang laki na walang bayad, mangyaring magsumite ng hiling sa loob ng **14 na mga** araw ng naunang paghahatid. **Ang pagpapalit ay mangyayari lamang kung ang berdeng basurahan ay hindi pa nagamit at bago pa.**

## Mga Pagpipilian ng Makukuhang Basurahan




35 Galon na Sisidlan




65 Galon na Sisidlan




95 Galon na Sisidlan

*I-scan dito gamit ang iyong smart phone para sa karagdagang impormasyon.*

**Nangangailangan ng Tulong o Gustong Matuto Pa Nang Higit?**
Bisitahin ang: sandiego.gov/organicwasterecycling Email: trash@sandiego.gov

**Tawagan ang Telepono ng Aming Customer Care Center: 858-694-7000**
Ang pagsasalin sa ibang wika o interpretasyon ay makukuha kung hihilingin.

SD Environmental Services

REV: 6-8-2023